Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-14 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 54-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PAMUNUAN NG DEPARTMENT OF TRADE AND INDUSTRY (DTI) NA MAKAPAGSAGAWA NG TRADE FAIR ON WHEELS SA LUNGSOD NG MALOLOS PARA SA MGA PRODUKTONG ALCOHOL, FACE MASK, VITAMIN C, TISSUE AT IBA PA UPANG MAKATULONG SA PAGPIGIL, PAGLAGANAP NG COVID-19 AT SA PAGPIGIL NG LOCAL TRANSMISSION NITO SA LUNGSOD NG MALOLOS.

PANGUNAHING MAY AKDA SI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA. KGG. FRANCSICO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Lungsod ang pagsusulong sa kagalingang panlahat partikular ang pagtataguyod ng kalusugan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang *Department of Trade and Industry* (DTI)ay mahigpit na ipinatutupad ang *Batas Republika Blg. 7581 o mas kilala sa taguring Price Act of* the Philippines ang mahigpit na pagpapatupad ng hindi paggalaw ng mga presyo;

**SAPAGKAT,** ang *"CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)"* na dating kilala bilang 2019-nCoV, na isang *Acute Respiratory Disease*, ay isang nakakahawang sakit;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang datos ng Department of Health ay umakyat na sa bilang na animnapu't apat (64) ang kaso ng COVID-19 sa bansa at naitalang walo (8) na ang namamatay;

**SAPAGKAT,** ang mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos ay lubhang nababahala at marami sa kanila ang nagpa-*panic buying*;

**SAPAGKAT,** ang ilan sa mga establisyimento, pamilihan at botika, ay nauubusan ng *supply* katulad na lamang ng mga alcohol at iba pang pangangailangan para sa COVID-19;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos na matiyak ang patuloy na pagkakaroon ng *supply* ng mga pangunahing pangangailangan at mapigil ang mga mapagsamantala sa kahirapan dahil COVID-19;

SAPAGKAT, malaking tulong para sa mga mamamyan ng Lungsod ng Malolos ang pagkakaroon ng Trade Fair on Wheels ng produktong Alcohol, Face Mask, Tissue, Vitamin C at iba pa na kasalukuyang nagkakaubusan ng supply;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, makakatulong din ito upang malabanan ang hoarding at pagtaas ng presyo nito sa merkado dulot ng pagsasamantala ng iilan;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na magalang na hilingin sa pamunuan ng Department of Trade and Industry (DTI) na makapagsagawa ng Trade Fair on Wheels sa Lungsod ng Malolos para sa mga produktong Alcohol, Face Mask, Vitamin C, Tissue at iba pa upang makatulong sa pagpigil, paglaganap ng COVID-19 at sa pagpigil ng local transmission nito sa Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03162020